Impormasyon Tungkol sa Pagsa-saayos ng Problema sa Pirma para sa Sobre ng Balotang ipinadala sa Koreo

Clark County Kagawaran ng Halalan

Ano ang Pag -aayos ng problema sa pirma sa sobre ng balotang ipinadala sa koreo? :

Ayon sa batas ng Nevada, ang pirma sa iyong ibinalik na sobre sa balotang ipinadala sa koreo ay dapat ikumpara ang iyong pirma sa talaan ng pagpaparehistro ng botante upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan. Kapag ang iyong ibinalik na sobre ay walang pirma, o ang iyong pirma ay hindi mapatunayan, dapat ninyong " ayusin" ang iyong pirma upang isama sa bilangan ang iyong balota.

Paano ka sasabihan:

- Pamamagitan ng Koreo: Isang paunawa at ang sinumpaang pahayag ay ipapadala sa iyong address na nasa talaan ng pagpaparehistro ng botante .
- E-Mail: Kung nasa talaan ng Kagawaran ng Halalan ang iyong e-mail address, ikaw ay makakatanggap ng isang mensahe na mayroong kasamang affidavit para ayusin mo ang iyong pirma.
- Robocalls: Kung nasa talaan ng Kagawaran ng Halalan ang iyong telepono, ikaw ay makakatanggap ng tawag araw-araw hanggang sa maayos mo ang problema sa iyong pirma.

PAALALA: *Kapag hindi kayo nakatanggap ng pabatid tungkol sa pagsa-saayos ng iyong pirma sa pamamagitan ng Liham na Ipinadala sa koreo, e-mail, o tawag na nanggaling sa Kagawaran ng Halalan, kung gayon hindi mo kinakailangang magbigay ng affidavit o gumawa ng kahit na anong hakbang upang isa-ayos ang iyong pirma.*

Kinakailangang Gawin bago sumapit ang alas singko (5:00) ng hapon sa Nobyembre 9, 2026:

Ikaw ay mayroong tatlong pagpipiliaan upang "ayusin" ang iyong pirma upang maisama sa bilangan ang iyong balota:

- Opsyon 1: Patunayan sa pamamagitan ng pag gamit ng iyong mobile device.
- Opsyon 2: Ibalik ang affidavit para sa pagsa-saayos ng iyong pirma at isama ang kopya ng iyong ID.
- Opsyon 3: Sagutin ang mga tanong sa pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng koreo, email, fax, o berbal sa telepono.

Ang mga Detalye ay makikita sa dalawang susunod na pahina: *Kailangan mong gawin* ***bago sumapit ang alas singko*** (5:00) ng hapon, sa Nobyembre 9, 2026, o ang iyong balota ay hindi maaaring isama sa bilangan..

Mga Tanong at Karagdagang Impormasyon:

- Hotline para sa pagsa-saayos ng problema sa iyong pirma: (702) 455-CURE (2873), Lunes.-Linggo., 7:30 n.u.-8:00 n.g.
- E-Mail: mailballotrequest@clarkcountynv.gov
- Signature Cure Data: www.clarkcountynv.gov/government/departments/elections/sigcurereporting
- Subaybayan ang Katayuan ng Iyong Ibinalik na Koreong Balota: https://myballot.nv.gov/

togetherforbetter

Election Department

965 Trade Drive • North Las Vegas NV 89030
(702) 455-7871 • Fax (702) 455-2793
https://www.clarkcountynv.gov/vote
Lorena S. Portillo, Registrar of Voters
Noemi Esparza, Assistant Registrar of Voters

Re: Nawawala O Hindi Napatunayang Pirma sa Koreong Balota

Ginagalang na Botante,

Natanggap namin ang iyong sobreng ibinalik para sa balota sa Nobyembre 3, 2026, Pangkalahatang Halalan. Ayon sa batas ng Nevada, kinakailangan naming ikumpara ang pirma sa iyong sobreng ibinalik sa mga pirma na makikita sa iyong talaan ng rehistrasyon ng botante. Kinakailanga'ng mapatunayan ang iyong identipikasyon. Ngunit, hindi mo pinirmahan ang iyong sobreng ibinalik para sa iyong balota o hindi namin mapatunayan ang iyong pirma.

Ikaw ay mayroong tatlong opsyon sa ibaba upang isama sa bilang ang iyong balota (may mga karagdagang detalye sa ibaba):

- Opsyon 1: Patunayan gamit ang iyong mobile device
- Opsyon 2: Ibalik ang kalakip na sinumpaang pahayag kasama ang kopya ng iyong ID
- Opsyon 3: Sagutin ang mga tanong para sa beripikasyon sa pamamagitan ng koreo, email, fax, o voice verification sa telepono

Kinakailangan mong sumagot bago mag alas 5:00 nh sa Nobyembre 9, 2026, kapag hindi, ang iyong ibinotong balota ay hindi maaaring isama sa bilangan.

Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Signature Verification Hotline sa (702) 455-2873, Lunes hanggang Linggo, 7:30 nu-8:00 ng o sa pamamagitan ng email sa mailballotrequest@clarkcountynv.gov

Opsyon 1: Mobile Device	**Opsyon 2: Magbigay ng Kopya ng ID**	**Opsyon 3: Sagutin ang mga Beripikasyon na Tanong**
1. Bisitahin ang CURE.NV.gov at piliin ang iyong county. 2. I-skan ang QR code ng County i-klik ang link sa ibaba ng pahina. 3. Sundin ang mga instruksyon upang gamitin ang kamera ng iyong telepono para kumuha at isumite ang larawan ng iyong ID.* ** Dapat naming matanggap ang iyong isinumite **bago** mag alas 5:00 nh sa Nobyembre 9, 2026.* *Maaaring may karaniwang bayad sa pagmemensahe. Isang mensahe lamang ang iyong matatanggap.*	1. Kumpletuhin at pirmahan ang Sinumpaang Pahayag para sa Pagwawasto ng Pirma sa likod ng liham na ito. 2. Sundin ang mga instruksyon sa Hakbang 4 upang isumite ang kopya ng iyong ID. 3. Ibalik ang Sinumpaang Pahayag para sa Pagwawasto ng Pirma at kopya ng iyong ID sa Clark County Kagawaran ng Halalan sa alinmang pamamaraan personal, email, fax o koreo.* ** Dapat naming matanggap ang iyong email, fax, o koreo **bago** mag 5:00 nh, Nobyembre 9, 2026.* *Ang postmarks ay hindi bibilangin.*	1. Kumpletuhin at pirmahan angSinumpaang Pahayag para sa Pagwawasto ng Pirma sa likod ng liham na ito **O** tawagan ang opisina ng Clark County Kagawaran ng Halalan upang sagutin ang voice verification na mga tanong. 2. Sagutin ang lahat ng 3 tanong (tingnan ang Hakbang 5). 3. Ibalik ang Sinumpaang Pahayag para sa Pagwawasto ng Pirma sa Clark County Kagawaran ng Halalan sa alinmang pamamaraan personal, email, fax, o koreo O tumawag sa (702) 455-CURE (2873) upang ibigay ang iyong mga sagot sa voice verification.* **Dapat naming matanggap ang iyong pinirmahang sinumpaang pahayag o beripikasyong tawag sa telepono **bago** mag alas 5:00 nh sa Nobyembre 9, 2026.* *Ang postmarks ay hindi bibilangin.*

Maraming Salamat sa iyong tulong,

Lorena S. Portillo

Lorena S. Portillo
Tagapagtala ng Botante

[RID_BARCODE4]

Sinumpaang Pahayag sa Pagsasaayos ng Pirma

Kumpletuhin, pirmahan, at ibalik ang sinumpaang pahayag na ito sa Clark County Kagawaran ng Halalan

HAKBANG 1 **PANGALAN:** _____ _____
Unang Pangalan Apelyido

HAKBANG 2 **IBINALIK MO BA ANG BALOTA?** ☐ **Oo** ☐ **Hindi**

Kung"Hindi", huwag kumpletuhin ang alinmang sa Hakbang 3.

Kung "Oo", kumpletuhin ang Hakbang 4 o 5.

HAKBANG 3 Kung pinili ang "Oo" sa itaas, pirmahan upang kumpirmahin ang mga sumusunod: Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng perjury na ako ay isang karapat-dapat na botante na ang aking pirma at pangalan ay katulad ng ipinapakita sa sinumpaang pahayag na ito; at ako ay bumoto lamang ng isang balota sa halalang ito alinsunod sa mga probisyon ng NRS 293.780.

Kung pinili ang "Hindi" sa itaas, pirmahan upang kumpirmahin ang mga sumusunod: Pinatutunayan ko na ang impormasyon na aking ibinigay sa sinumpaang pahayag na ito ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman.

PIRMA: X_____ **Date** ____/____/____
Ang Iyong Pirma o Marka Petsa Ngayon (mm/dd/yyyy)

HAKBANG 4 **Ang hakbang na ito ay tumutukoy lamang kung pinili mo ang opsyon 2: Magbigay ng kopya ng tinatanggap na ID.**

- Isang Lisensya sa Pagmamaneho
- Isang ID kard na ibinigay ng Nevada DMV
- Isang ID kard sa militar
- ID na ibinibigay ng isang ahensya ng pamahalaan at dapat naglalaman ng iyong pirma at pisikal na deskripsyon o larawan. Ang naturang ahensya ng pamahalaan ay kasama, ngunit hindi limitado sa:

○ Anumang sangay, departamento, ahensya, o entidad ng pederal o estado, o alinmang county ng estado, munisipalidad, o iba pang politikal na nasasakupan. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang U.S passport, ID kard ng beterano na ibinigay ng U.S. Department of Veterans Health Administration, ID kard na ibinigay ng kinikilalang pamahalaang tribo ng pederal, at lisensya ng piloto na ibinigay ng Federal Aviation Administration.

HAKBANG 5 **Ang hakbang na ito ay tumutukoy lamang kung pinili mo ang opsyon 3: Sagutin ang lahat ng sumusunod na tanong – Maaari mong ibigay ang mga sagot na ito sa pamamagitan ng pagtawag sa Clark County Kagawaran ng Halalan.**

- Huling 4 na Digit ng Iyong Social Security Number _____
- Lugar kung saan ka Ipinanganak _____
- Petsa ng Kapanganakan _____

Pinatutunayan ko na ang mga sagot na aking ibinigay sa itaas ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman:

_____
(Pirmahan o Inisyalan sa Itaas)

HAKBANG 6 **IBALIK ANG SINUMPAANG PAHAYAG NA ITO (AT KOPYA NG IYONG ID KUNG NAAANGKOP)**

Ibalik ang sinumpaang pahayag na ito at kopya ng iyong ID, kung naaangkop, sa Clark County Kagawaran ng Halalan bago mag alas 5:00 nh sa Nobyembre 9, 2026.

- **Nang Personal:** 965 Trade Drive, Suite A, North Las Vegas, NV 89030, Lunes hanggang Linggo, 7:30 nu-5:30 nh.
- **Gamit ang mobile device:** Pumunta sa CURE.NV.gov. Piliin ang iyong county. Sundin ang mga ibinigay na hakbang. Kung sinabihan ka na gamitin ang iyong mobile na kamera upang kunin at isumite ang iyong larawan para sa iyong ID, atbp.
- **Email:** mailballotrequest@clarkcountynv.gov
- **Fax:** (702) 455-2831
- **Ipadala sa pamamagitan ng Koreo o Ihulog sa:** Clark County Election Department
  P.O. Box 3910
  Las Vegas, NV 89127-3910

For County Office Use Only:

Verifier's Name: _____ ☐ ID has been verified: ☐ DL / Passport / Other: _____